

Patnubay sa Eksibisyon


باسيتا أباد

خيّل لي أن الشوارع مهددة بالذهب September 8, 2021
to February 13, 2022

8 سبتمبر 2021
إلى 13 فبراير 2022

I THOUGHT THE STREETS WERE PAVED WITH GOLD

Pacita Abad



GALLERY 1 MGA MASKARA'T ESPIRITU

- 1 Bacongo VIII
- 2 Kongo
- 3 Mephistong Aprikano
- 4 Kaunga

GALLERY 2 DANAS IMIGRANTE

- 1 Mga Filipina sa Hong Kong
- 2 Ang Nayon Saan Ako Nagmula
- 3 Akala ko Aspaltado ang mga Daan ng Ginto
- 4 Mula Doro Wat hanggang Sushi at Pakpak ng Manok at mga Bagay-Bagay
- 5 Kinakailangan mong Bumagay Bago ka Lumitaw

GALLERY 3 MGA ABSTRAKSIYON

- 1 Sapot ng Gagamba
- 2 Buhay-Laylayan
- 3 Danas likido

GALLERY 3 PINTO NG BUHAY

- 4 Pinto ng Buhay
- 5 Pintong nag-uugnay sa akin sa pinakadakilang kasayahang nakilala ko

PANIMULA

Tinitipon ng *Akala ko aspaltado ang mga daan ng ginto* (*I thought the streets were paved with gold*) ang mga likha mula 1975 hanggang 2004, sa unang solong eksibisyon nitong alagad ng sining sa rehiyon. Si Pacita Abad (1946-2004) ay isang malikhaing alagad ng sining, na malimit bumuo ng ilang obra nang magkakaalinsabay. Napakahuhulugan ang kanyang natatanging praktika ng palagiang eksperimentasyon at inspirasyon mula sa iba't ibang kulturang katutubo at modang bernakular ng paggawa na nakatagpo niya sa kanyang matagal na pamamalagi sa Aprika, Asya, Latin Amerika, at Oceania. Ang kanyang mapangahas na eksperimentasyon ang nagtulak sa kanya sa paglikha ng kilala niyang kasanayang tinatawag niyang 'trapunto'—mula sa salitang Italyano na *trapuntare*, isang paraan ng paggawa ng quilt na tumutukoy sa pagpapakapal at pagtatahi. Itinatampok ng eksibisyong ito ang apat na pangunahing katawan ng likha: *Mga Maskara't Espiritu* (*Masks and Spirits*) (1979 - 1991), *Danas Imigrante* (*Immigrant Experience*) (1983-1995), *Pinto ng buhay* (*Door to life*) (1998), at isang seleksiyon ng mga likhang abstrakto mula sa kabuoan ng kanyang karera pati na pagtatanghal ng mga obheto at materyal mula sa kanyang malaking personal na koleksiyon at arkibo. Sinasalamin ng mga likhang tampok ang sari-saring paksain at estilo sa pagpipinta na kinaharap sa kanyang karera—mula sa mga likhang hango sa mga maskarang panritwal at pandekorasyon hanggang sa mga pintang nagpapakita sa pang-araw-araw na realidad ng mga imigrante at Overseas Filipino Workers (OFW) at mga abstraksiyong monumental.

Susi sa mga likha ni Abad ang pag-unawa kung paanong hinulma ng kanyang peripatetikong buhay ang kanyang pagpipinta. Ang kanyang masidhing interest at pagnanasang matuto mula sa mga taong kanyang nakatagpo—tungkol man sa paraan ng pananahi at pagtatali mula sa mga kapwa manlilikha sa Estados Unidos o sa mga babaeng Rabari sa Rajasthan—ang nagsilbing batayan ng kanyang wikang biswal at nagtulak sa kanyang eksperimentasyon sa mga materyal at anyo. Malayo mula sa palasak na pag-aangkop, ang kanya ay isang tunay na pakikipagtagpo sa mga tao at sa kanilang mga kasaysayang panlipunan at pangmaterya, na hinihimok ng isang pag-unawa kung ano ang kahulugan ng pamumuhay sa laylayan, bilang isang babae, isang babaeng maykulang, at isang imigrante.

Ipinanganak sa Pilipinas noong 1946, si Pacita Abad ay nag-aral ng pagpipinta sa Corcoran School of Art sa Washington, D.C. at sa Arts Student League sa New York. Naitampok na ang kanyang mga likha sa maraming solong eksibisyon kabilang na ang mga sumusunod: *Life in the Margins*, Spike Island, Bristol (2020); *Pacita Abad: A Million Things to Say*, Museum of Contemporary Art and Design, Maynila (2018); *Circles in My Mind*, Singapore Tyler Print Institute, Singapore (2003); *Exploring the Spirit*, National Gallery of Indonesia, Jakarta (1996); *The American Dream*, National Museum for Women in the Arts, Washington D.C. (1994); at *Masks from Six Continents*, Metro Art Center, Washington D.C. (1990).

Ilan sa kanyang mga pangkatang eksibisyon: *Minds Rising*, *Spirits Tuning*, 13th Gwangju Biennial (2021); *SWEAT*, Haus der Kunst, Munich (2021); *Whose Tradition?*, Tate Liverpool (2021); *The Crack Begins Within*, 11th Berlin Biennial for Contemporary Art (2020); *Asia/America: Identities in Contemporary Asian American Art*, isang naglalakbay na eksibisyong inorganisa ng Asia Society, New York (1996); *Beyond the Border: Art by Recent Immigrants*, Bronx Museum of the Arts, New York (1994); La Segunda Bienal de la Habana (1986); at 2nd Asian Art Show, Fukuoka Art Museum (1985).

Matatagpuan ang kanyang mga likha sa mga koleksiyon ng Tate Modern, London; The National Museum of Women in the Arts, Washington D.C.; M+ Museum, Hong Kong; Art Jameel, Dubai; at National Gallery of Singapore.

Siya ay pumanaw sa Singapore noong 2004.

Isang natatanging publikasyon na nagtatampok ng mga bagong komisyoning teksto, biswal, at isang buong panayam ang matatagpuan sa Art Jameel Shop, onsite at online.

Kurador: Nora Razian; Tagapayo: Pio Abad ; Katuwang na Kurador: Nadine El Khoury;
Tagapamahala ng Disenyo at Produksiyon: Albert Kolambel; Grapiko ng Eksibisyon: Sarah Chehab (Waiwai);
Salin sa Arabo: Rouya ; Salin sa Filipino: Christian Jil Benitez

MGA MASKARA'T ESPIRITU

Sa masidhing paglalakbay sa Kenya, Sudan, Ehipto, at Congo noong 1979, naakit si Abad sa mga tradisyonal na sining at tela ng mga taong kanyang nakatagpo, kung kaya nakaipon din ng malaking koleksiyon ng mga bagay tulad ng tela, maskara, basket, at abaloryo. Sa panahon ding ito, dahil na rin sa kawalan ng mapagkukunan ng mga kumbensiyonal na materyal para sa pagpipinta, nagsimulang magpinta si Abad sa mga sakong Hesyan na ginagamit para sa pagpapadala ng mga ayudang pagkain sa mga refugee, isang eksperimentasyong buhat sa pangangailangan na nagtulak sa kanya tungo sa paglikha ng kanyang tatak na estilong *trapunto*.

Sa kanyang pagbalik sa Boston, Estados Unidos noong 1980, sinimulan niyang likhain ang magiging kinalaunang seryeng *Masks and Spirits*, na kinabibilangan ng kanyang pinakaunang pintang *trapunto*, ang *Mephistong Aprikano (African Mephisto)* (1981), na tampok ngayon dito.

Ang bagong eksperimentasyon sa pagpapakapal at pagtatahi, na may impluwensiya ng mga pamamaraang nasilayan sa kanyang mga paglalakbay at pakikipag-usap sa mga alagad din ng sining na sina Barbara Newman at Faith Ringgold—na lumikha ng mga telang manyika bilang bahagi ng kanilang praktika—ay nakapagpahintulot kay Abad na maisama ang mga tradisyonal na telang natipon niya sa paglalakbay sa kanyang mga pamamaraan ng pagpipinta.

Ang pagkalahad at pag-alon ng kanyang mga likhang *trapunto* ay hango sa thangka—isang pintang iskrol na ginagamit sa pagsamba sa Budismong Tibet—na kanyang nakatagpo sa isang kampo ng mga refugee na Tibet sa Nepal. Naakit si Pacita sa mga kulay, pagkakatatagpi-tagpi, imahen, at maging sa pagiging nabibitbit ng mga nasabing thangka, na binabalumbon at dinadala ng mga monghe sa monasteryo. Ang panahong kanyang naigugol sa mga kampo ng refugee at ang kanyang pagkababad sa komunidad ng international aid—sa pamamagitan na rin ng trabaho ng kanyang asawang si Jack Garrity sa larang ng pagpapaunlad ekonomiko—ay nakaimpluwensiya hindi lamang sa paksain ng kanyang mga likha kung hindi pati na sa mga materyal na anyo ng mga ito.

Isa pang maagang likhang *trapunto*, *Kaunga* (1983), ang hango sa panahong kanyang inilagi sa Papua New Guinea at itinatampok ang pagpapalamuti ng kabibe ng mga Papuano gamit ang mahigit isang daang sigay, at ang impluwensiya ng tradisyonal na maskara at kasuotang Papuano.

Noong 1990, bumalik si Pacita sa Washington, D.C. mula Maynila, sa Pilipinas, kung saan niya napanalunan ang rehiyonal na MetroArt Award, isang komisyonag naglalayong makabuo ng panibagong korpus ng mga likha para sa estasyong Metro Centre ng subway sa Washington D.C. Sa pamamagitan ng komisyonag ito, ipinagpatuloy niya ang seryeng Mga Maskara't Espiritu, at itinanghal ang anim na malalaking likha sa ilalim ng pamagat na *Masks from Six Continents*, kabilang ang *Maskarang Aprikano, Kongo (African Mask, Kongo)* (1990), *Maskarang Europeo (European Mask)* (1990), at isang bersiyon ng mga pintang Bacongo, kung saan nabibilang ang *Bacongo VIII* (1988-90) na tampok dito ngayon. Humahango ang mga likhang ito sa mga pamamaraang tradisyonal ng mga maskara at kasuotang panseremonya ng mga Kongo na kanyang nakatagpo sa border na Congolese-Angola.

Tumutukoy ang pamagat ng lahat ng mga likha sa seryeng Mga Maskara't Espiritu sa mga kulturang pinaghanguan ng mga ito, maliban sa *Maskarang Europeo*. Dito, sadyang ipinailalim ni Pacita ang lahat ng kulturang Europea sa ilalim ng iisang sagisag, na pumupukaw sa mga kasaysayan ng pagbuburang kolonyal at pagpapapatag ng mga kultura sa Europeong Humanidades at Kasaysayang Pansining bilang pawang 'Aprikano' o 'Asyano.'

GALLERY 1


MGA MASKARA'T ESPIRITU

Bacongo VIII

1988

Akriliko sa tinahi, nai-silk screen, at pinakapal na kambas

Mula sa Estado ni Pacita Abad



Kongo

1990

Akriliko, makukulay na abaloryo, estambreng hinabing-kamay, pinakapal na tela, pinintahang kambas sa tela

Mula sa Estado ni Pacita Abad




Mephistong Aprikano

1981

Akriliko, mga lasong rickrack, telang na-tie dye, pininturahang tela sa tinahi at pinakapal na kambas

Mula sa Estado ni Pacita Abad



Kaunga

1983

Akriliko at sigay sa tinahi at pinakapal na kambas

Mula sa Estado ni Pacita Abad



DANAS IMIGRANTE

Ipinanganak sa isang pamilya ng mga politiko at aktibista, nalinang sa murang edad ang masigasig na pagtuon ni Pacita sa mga realidad na panlipunan at pampolitika. Unang dumating si Pacita sa Estados Unidos noong 1970, sa pagkakahimok na rin sa kanyang lisanin ang Pilipinas matapos pangunahan ang isang demonstrasyon ng mga estudyante laban sa nagiging higit nang represibo noong administrasyon ng dating pangulong Ferdinand Marcos. Ito ang kanyang unang karanasan sa buhay imigrante, mga kapintasan ng sinasabing ‘American Dream’, at mga partikularidad ng relasyong panlahi sa Estados Unidos. Ang paunang karanasang ito ay kinalaunang makaaambag sa kanyang paglikha ng seryeng *Danas Imigrante (Immigrant Experience)*, na nabuo sa kanyang pagbalik sa Estados Unidos noong dekada ’90. Sa paggamit ng mga tropo ng Sosyo Realismo at paghango mula sa mga karanasan ng mga kaibigan at kakilala, tinatalakay ng mga likha sa seryeng *Danas Imigrante* ang mga usapin ng lahi, paggawa, uri, at identidad, sa paglalarawan ng buhay ng mga imigranteng maykulay sa Estados Unidos at iba pang bansa.

Isang tugon sa pangako ng ‘American dream’ na kasaganaan at kaginhawaang materyal, inilalarawan ng *Akala ko aspaltado ang mga daan ng ginto (I thought the streets were paved with gold)* (1991) ang realidad na ‘Amerikano’ na binubuo ng mga paggawang may mababang pasahod para sa mga taong maykulay. Nagmula ang pamagat ng likhang ito sa isang Italyanong imigrante sa Ellis Island National Museum of Immigration sa New York, Estados Unidos: “Pumunta ako sa Amerika sapagkat narinig kong aspaltado ang mga daan ng ginto. Nang nakarating na ako doon, tatlong bagay ang nalaman ko: una, ang mga daan ay hindi aspaltado ng ginto; ikalawa, hindi nga aspaltado ang mga ito; at ikatlo, inaasahan akong iaspalto ang mga ito.”

Pinagninilayan ng *Kinakailangan mong bumagay bago ka lumitaw (You have to blend in before you stand out)* (1995) ang pagtatalo sa mga identidad na nararanasan ng maraming imigrante, at inilalarawan ang isang dalagang nakatagpo ni Pacita paglabas mula sa isang tindahan sa distrito ng Adams Morgan ng Washington D.C., suot ang isang sarong, isang Chicago Bulls na basketball shirt, at isang New York Yankees na baseball cap.

Malimit itampok ang kababaihang maykulay sa mga likhang ito ni Abad. Bilang isa ring kumikilala sa kanyang sarili bilang namumuhay sa laylayan, lumilikha ang malalaking trapunto ni Pacita ng tagpi-tagping pagkakaisa, pagkakaugnay-ugnay, at pagpapalakas, na nagpapakita sa wakas ng buhay na karanasan ng mga kababaihang maykulay.

Ang kaibigan ni Pacita na si Hadiatou ang suheto ng *Mula doru wat hanggang sushi at pakpak ng manok at mga bagay-bagay (From doru wat to sushi and chicken wings and tings)* (1991). Isang di-dokumentadong imigrante mula Kanlurang Aprika, nagbukas si Hadiatou ng isang maliit na kainan kasama ang ilang kaibigan upang makapaghanap-buhay. Dito, tampok siya sa gitna ng kambas, pinalilibutan ng mga eksena mula sa iba’t ibang sandali ng kanyang buhay, pati na ng mga karatula para sa pagkain at mga restawran sa Washington, D.C. Inaalingawngaw ng pamagat ng likha ang nalalabing bugso ng migrasyon sa panlasang Hilagang Amerikano at nagpapahiwatig hinggil sa diwang negosyante at kosmopolitanismong kinakailangan upang mabuhay at umunlad bilang bagong dating.

Alinsabay na puna sa kawalan ng bukas na publikong espasyo sa Hong Kong at matalas na kritika sa polisiya sa pag-aangkat ng paggawa ng Pilipinas na pinasimulan sa ilalim ng administrasyon ni Ferdinand Marcos, inilalarawan ng *Mga Filipina sa Hong Kong (Filipinas in Hong Kong)* (1995) ang mga manggagawang Filipina sa kanilang nag-iisang araw ng pahinga, nagtitipon sa mga kalye ng siyudad, daanan ng subway, at mga sentrong pamilyahan, habang ang abot-tanaw sa itaas ng siyudad ay nag-aalok ng mga internasyonal na tatak pangkonsumer at karanasan na malimit hindi maaabot ng marami sa mga kababaihang ito.

GALLERY 2

DANAS IMIGRANTE

Mga Filipina sa Hong Kong

1995

Akriliko sa tinahi at pinakapal na kambas

Mula sa Estado ni Pacita Abad



Kinakailangan mong Bumagay Bago ka Lumitaw

1995

Olyo, pinintahang telang batik, bulak, sequin, butones sa tinahi at pinakapal na kambas

Mula sa Estado ni Pacita Abad



GALLERY 2

DANAS IMIGRANTE

Akala ko Aspaltado ang mga Daan ng Ginto

1991

Akriliko, olyo, yamuam na kahoy, pinintahang kambas, pinintahang tela sa tinahi at pinakapal na kambas

Mula sa Estado ni Pacita Abad




Ang Nayon Saan Ako Nagmula

1991

Akriliko, olyo, pinintahang tela sa tinahi at pinakapal na kambas

Mula sa Estado ni Pacita Abad



Mula Doro Wat hanggang Sushi at Pakpak ng Manok at mga Bagay-Bagay

1991

Akriliko, olyo, pinintahang kambas, butones na plastik, abaloryo sa tinahi at pinakapal na kambas

Koleksiyong Art Jameel



MGA ABSTRAKSIYON

Kasabay sa kanyang pagpapaunlad sa kanyang mga likhang sosyo-realista, nakabuo rin si Pacita ng malaking korpus ng matitingkad na likhang abstrakto sa kanyang karera, na nilinang ng kanyang interes sa mga katanungan ng espirituwalidad, mistisismo, at mga tradisyon at kosmolohiyang katutubo.

Bahagingkanyang seryeng *Mga Damdaming Abstrakto (Abstract Emotions)* (1985-1995) nanaimpluwensiyahan ng musikang jazz, mga telang batik at ikat, pati na pakikipagtagpo sa sining na Aborihinal sa Australia, itinatampok ng *Danas Likido (Liquid Experience)* (1985) ang tradisyonal na pamamaraan sa pinsel detinta na nasilayan sa isang pagbisita sa Seoul, Timog Korea gamit ang matitingkay na kulay at anyong katulad sa mga pinta ng bulubunduking tanawing Hapon, na may itinahing mga salamin at tela mula sa mga lokal na merkado.

Humahango ang *Sapot ng Gagamba (Spider's Web)* (1985) mula sa mga padron at hugis sa kalikasan, samantalang itinatampok naman ng *Buhay-Laylayan (Life in the Margins)* (2002) ang mga telang batik at ikat mula Yogyakarta at Sumba sa isang komposisyong wari Abstraksiyong Liriko.

Sa kabuoan ng kanyang karera, bumuo si Pacita ng isang mayaman na bokabularyong pang-anyo. Maaaring mabasa ang katingkaran ng kanyang mga likhang abstrakto bilang isang uri ng sinestesia; isang paghahalo-halo ng mga pandama na sinasalamin sa enerhiya at tingkad ng mga kulay, testura, at musika.

GALLERY 3

ABSTRACTIONS

Sapot ng Gagamba

1985

Akriliko, estambreng bulak,
butones na plastik sa itinahi at pinakapal na kambas

Mula sa Estado ni Pacita Abad




Buhay-Laylayan

2002

Olyo, pinintahang telang itinahi sa kambas

Mula sa Estado ni Pacita Abad



Danas likido

1985

Olyo, salamin sa itinahi at pinakapal na kambas

Mula sa Estado ni Pacita Abad



PINTO NG BUHAY

Noong 1988, tatlong linggong nanatili si Pacita sa Yemen upang libutin at suyurin ang bansa. Namangha siya sa mga pinalamutiang pintong natagpuan niya, naakit sa mga makukulay bagaman kupas nang patina ng mga ito. Ang mga pinto at daanang ito ay nakapukaw rin sa kanyang interes bilang mga bukana, kapwa sa pagitan ng publiko at pribado at simbolikong sa pagitan ng espirituwal at korporeal. Marubdob niyang idinokumento ang maraming bilang ng mga pintong ito sa 30 x 30 cm papel, at kinalaunan niyang ginamit ang maliliit na guhit na ito bilang batayan ng kanyang mga pintang olyo na may parehong sukat, dagdag pa sa limang malaking pintang trapunto. Bagaman nakadalaw si Pacita sa maraming bansa sa Peninsulang Arabo, ang kanyang seryeng handog sa Yemen ang kanyang pinakamalaking korpus ng mga likhang hango sa arkitektura at folkloréng bernakular ng rehiyon, tampok ang napakayamang impluwensiyang kultural nito.

GALLERY 3

PINTO NG BUHAY

Pintong nag-uugnay sa akin sa pinakadakilang kasayahang nakilala ko

1999

Olyo, pinintahang tela, butones na itinahi
sa pinakapal na kambas

Mula sa Estado ni Pacita Abad



Paunang Hakbang

2001

Olyo, pinintahang tela na tinipon sa kambas
Mula sa Estado ni Pacita Abad

Pulot at Safron

2000

Oylo, salaming itinahi sa kambas
Mula sa Estado ni Pacita Abad

Isigaw ito

2002

Olyo, salaming itinahi sa kambas
Mula sa Estado ni Pacita Abad

Paglipat ng ilaw ng araw

1998

Oylo, batik, pinintahang batik itinahi sa kambas
Mula sa Peter Meyer

Buwang Bughaw

2003

Olyo, akriliko, pinintahang telang itinahi sa kambas
Mula sa Estado ni Pacita Abad

Malaon at malayo

1998

Olyo, abaloryo, pinintahang natinang tela na itinahi sa kambas
Mula sa Estado ni Pacita Abad

Mga Tiling Tahimik

2000

Olyo, salaming itinahi sa kambas
Mula sa Estado ni Pacita Abad

Engkwentro

1998

Oylo, batik, pinintahang itinahi sa kambas
Mula sa Peter Meyer

Huwag Kang Umalis

1998

Olyo, pinintahang kambas na itinahi sa kambas
Mula sa Estado ni Pacita Abad

Pagsilip sa isang bahagyang nahamugang bintana

2004

Olyo, pinintahang telang itinahi sa kambas
Mula sa Estado ni Pacita Abad

Minsan sa Pebrero

2001

Olyo, pinintahang tela, sequin, pinintahang latang itinahi sa kambas
Mula sa Estado ni Pacita Abad

Asul at Umiawas

1998

Oylo, batik, pinintahang telang itinahi sa kambas
Mula sa Cesare Calari

Kagila-gilalas na Bula

2004

Akriliko, binurdahang tela, pinintahang kartong tinipon sa tablang kambas
Mula sa Estado ni Pacita Abad

Mga Lilang Igos

2004

Akriliko, olyo, pinintahang tela, itinahi sa kambas
Mula sa Estado ni Pacita Abad

Mamahalin mo ba ako habambuhay?

2001

Olyo sa kambas
Mula sa Estado ni Pacita Abad

Pasukan sa Al-Haima

1998

Oyli, batik, pinintahang telang itinahi sa kambas
Mula sa Cesare Calari